
GRADE VI

# LIKAS NA YAMAN: MAHALIN AT PAGYAMANIN

## ALAMIN MO

Pagmasdan mo ang larawan sa ibabaw.



*Ano ang nakikita mo sa larawan?*

*Nasisiyahan ka ba sa pagmamasid sa mga larawang ito?*

*Bakit kinakailangan mong ingatan at pagyamanin ang mga tanawing ito?*

Halika na at basahin mo ang tamang paglinang at pagpapayaman ng likas na yaman.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Uriiin mo kung anong likas na yaman ang umusunod:

| | |
|---|---|
| 1. coral | 6. alimango |
| 2. ginto | 7. ibon |
| 3. hipon | 8. bakal |
| 4. bulaklak | 9. punongkahoy |
| 5. manganese | 10. kalabaw |

## PAG-ARALAN MO

Likas na Yaman, Mahalin at Pagyamanin

Likas na Yaman biyaya sa Kapuluan
Lupa, pangisdaan, minahan, kagubatan
Mahalaga sa kabuhayan ng mamamayan
Nakasalalay sa pag-unlad ng bayan

Lupa, batayan ng Kaunlarang pambansa
Na dapat alagaan at pagyamanin
Upang mapakinabangan ang lupang taniman
Ng mga magsasaka at mamamayan din

Kagubatan malaking nagagawa
Humahadlang sa pagsugpo ng baha
Sinisipsip ng mga ugat ng mga puno sa gubat
Sa gayon, maiiwasan ang anumang kalamidad

Pangisdaan, malaking kapakinabangan sa bansa
Batas at Kautusan ng pamahalaan, ipinanukala
Sa maayos na paglilingkod ng mangingisda
Kasaganaan sa industriya matatamasa

Sa mineral, hindi pahuhuli ang bansa
Mayaman sa mineral, metal at di-metal
Nangunguna sa ginto,bakal, pilak at tanso

Naipagbibili sa mataas na uring pangkomersiyo

Mahalin at pagyamanin ang likas na yaman
Maging maingat at matalino sa pagpapasiya
Magtulungan tayo sa ating kaunlaran
Na tutugon sa pangangailangan ng ating mamamayan

## PAGSANAYAN MO

Makakaya mo na kayang sagutin ang mga tanong?


1. Ano-anong uri ng likas na yaman ang nabanggit sa tula?
   A. yamang lupa
   B. yamang gubat
   C. yamang mineral
   D. lahat ng nabanggit

2. Ano ang malaking naitutulong ng kagubatan sa pamumuhay ng tao?
   A. Tinatayuan ng pabrika.
   B. Ginagawang tapunan ng basura
   C. Humahadlang at sumusugpo sa pagbaha sa kapatagan
   D. Ginagawang tipunan ng pagpupulong ng mga kaingero

3. Paano nakatutulong sa kabuhayan ng bansa ang yamang lupa?
   A. nakatutulong sa hanapbuhay ng magsasaka
   B. nakasalalay dito ang buhay ng tao, halaman at hayop
   C. nagbibigay ng magandang kabuhayan sa mamamayan
   D. lahat ay tama.

4. Paano mo malilinang at magagamit nang wasto ang mga likas na yaman?
   A. Makisama sa mga gumagawa nang hindi tama.
   B. Kumilos nang mabilis upang kumita nang malaki.
   C. Ipagwalang-bahala na ito at iaasa na lang sa pamahalaan.
   D. Magtulungan at pagyamanin nang wasto ang likas na yaman.

5. Bakit mahalaga ang wastong paggamit ng likas na yaman?
   A. kumita nang malaki
   B. makabayad sa pinag-uutangan
   C. maitaguyod ang sariling kapakanan
   D. matamo ng Pilipinas ang pambansang kasapatan



**TANDAAN MO**

- *Mahalin natin at pagyamanin ang mga likas na yaman upang makamtan ang pag-unlad ng bayan .*



**GAWIN MO**

1. Gumawa ka ng poster ukol sa kahalagahan ng matalinong pagpapasya sa paggamit ng likas na yaman.

2. Itala mo ang mga paraang alam mo na isinasagawa ng pamahalaan o pamunuan ng inyong rehiyon upang mapangalagaan ang mga likas na yaman.

## PARAANG ISINAGAWA NG PAMAHALAAN O PAMUNUAN NG INYONG REHIYON SA PANGANGALAGA AT PAGPAPAYAMAN SA LIKAS NA YAMAN

| Kagubatan | Pangisdaan | Minahan | Kalupaan |
|---|---|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | | | |



### PAGTATAYA

Basahin ang bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong kwaderno.

1. Ang mga likas na yaman ng bansa ay mahalaga sa kabuhayan ng mga tao. Ito ay pangunahing pinagkukunan ng mga mamamayan. Ito ay may hangganan at pagkaubos. Ano ang kailangang gawin ng mga tao?
   A. mag-angkat sa ibang bansa.
   B. gamitin nang may pag-iingat.
   C. pangalagaan at gamitin nang maayos.
   D. gamitin nang gamitin upang maubos.

2. Sa iyong kakayahan bilang isang mag-aaral, paano mo pahahalagahan ang paggamit ng likas na yaman?
   A. Magtipid sa paggamit ng tubig.
   B. Pitasin ang mga bulaklak sa hardin.
   C. Panoorin ang mga magsasaka sa kanilang gawain.
   D. Mag-alaga ng baboy sa tabing-ilog upang maging madali ang paglilinis ng kulungan.



3. Ang mina ay likas na yamang di-napapalitan. Paano ka makikilahok sa mga programa ng pamahalaan upang mapangalagaan ang mga ito?
   A. Ipagbili ang mga ginto at pilak sa murang halaga.
   B. Tunawin ang ginto pilak at iba pa at muling buuin.
   C. Itapon ang mga sirang alahas, kaldero, pilak at ginto.
   D. Gamitin ang mineral kahit walang kuwentang paggamit.


4. Ang gubat ay nagsisilbing bulwagan ng ibon at ng mababangis na hayop. Paano tayo makatutulong sa pagpapanatili ng kagubatan?
   A. Magsiga at iwanan pagkatapos.
   B. Iwasan ang pagputol ng mga murang puno.
   C. Palawakin ang sistema ng pagkakaingin upang lumaki ang aning palay.
   D. Pagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na manirahan sa kagubatan upang mabigyan ito ng proteksyon ito.

5. Bakit mahalaga ang matalinong pagpapasya hinggil sa paggamit ng likas na yaman?
   A. May magagamit ang mga tao.
   B. May maiaangkat sa ibang bansa
   C. May maipagbibili at mapagkakakitaan
   D. Nagdudulot ito ng kasaganaan sa kabuhayan ng mga mamamayan at ng mga sumusunod na salinlahi.

**PAGPAPAYAMANG GAWAIN**

Sumulat ng isang slogan na may kaugnayan sa wastong paglinang at pagpapayaman ng mga likas na yaman. Ikaw ay maaring makapamili sa mga uri ng mga likas na yaman sa mga sumusunod.

A. yamang lupa
B. yamang gubat
C. yamang mineral
D. yamang pangisdaan



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.